


Halinang mag-eskwela sa lunsod ng Tsu.

Mga dayuhang kabataan at kanilang mga magulang, ukol sa
patnubay sa pagpasok sa paaralan.

Patnubay sa Edukasyon ng Japan



Tsu Board of Education

《 Sistemang edukasyon sa eskwelahan 》

Tungkol sa Obligasyong edukasyon(Compulsory)




Ang kumpolsaryong edukasyon ay mula edad 6 na taon hanggang 15 taon na may 9 na taon ang bubunuin sa edukasyon.

Kailangang ipa enroll ang anak pagkatapos makalampas sa edad na 6 na taon, unang pagsapit ng Abril sa kasalukuyang edad. 6 na taon ang bubunuin sa edukasyon.

Kapag nakapagtapos ng Elementarya, papasok naman sa Sekondarya(Junior high school) 3 taon ang bubunuin sa pag-aaral.

Libre po ang matrikula sa pam-publikong eskwelahan ng Elementarya at Sekondarya.


Ang eskwelahan sa Japan ay,



- ※ Upang makapag enroll, pumunta sa departamento ng edukasyon.
Doon ay ipakita ang Rehistrasyon ng estudyante.

I-Sistema ng Edukasyon sa Japan

1-Mga Uri ng Pa-aralan



Bagamat libre ang matrikula sa Compulsory education, kailangan naman pong magbayad ng pagkain sa eskwela at materyales sa pag-aaral. iba-iba man ang eskwelahan at grado, halos pareho naman ang halaga ng bayad sa school lunch na 4000 Yen at materyales sa eskwela na halos 2000 Yen.

Elementarya

Aral Japanesse

Edukasyong Moral

Matematika

Espesyal na aktibidad

Araling panlipunan

Aktibidad sa English

Musika

Arts at crafts

Araling Pisikal



1 buong araw sa elementarya

Pagpasok	8:00
Pagbati sa umaga	8:30
Unang aral	8:45
Pangalawang aral	9:35
Pahingang oras	10:25
Pang tatlong aral	10:45
Pang apat na aral	11:35
Tanghaliaan	12:20
Pahinga sa tanghali	13:00
Paglilinis	13:20
Pang limang aral	13:45
Pamamaalam sa uwian	14:30
Uwian	14:50



Pagpasok



Tanghalian



Paglilinis



[Ang Buong Araw sa Paaralan]

Pagtungo sa Paaralan	8:00 -	Naglalakad ang mga bata sa napagkasunduang daanan papasok at pauwi ng eskwelahan. May araw na, mag iipon-ipon sa bahay na may pinakamalapit, at grupong papasok at uuwi galing ng eskwelahan.
Miting sa Umaga	8:30 -	Magkakaroon ng pag che-cheack sa pangangatawan ipapahatid ang mensahe sa buong araw at ibapa.
Unang Aralin	8:45 -	【Aral】 Depende sa araw at grado ang mga aral. Mayroong 45 minuto ang bawat 1 subject, 50 minuto naman sa Junior high school at Senior high school. Mayroong mahabang oras ng pahinga sa pagitan ng 2 nd subject at 3 rd subject.
Pangalawang Aralin	9:35 -	
Oras ng Pahinga	10:25 -	
Pangatlong Aralin	10:45 -	
Pang-apat na Aralin	11:35 -	
Oras ng Pananghalian	12:20 -	Sabay-sabay kumain ng pananghalian.
Tanghaliang Pahinga	13:00 -	
Oras ng Paglilinis	13:20 -	Lahat ay maglilinis ng kanilang silid-aralan at iba pang lugar sa paaralan.
Panglimang Aralin	13:45 -	
Pagpupulong bago lumisan ng paaralan	14:30 -	Pinapa-alala ang mga dadalhin sa susunod na araw , o mga kaganapan na gagawin, at iba pa.
Paglisan sa Paaralan	14:30 -	Kasama ang mga kaibigang mag-uwian.

(Ang halimbawang tala-orasan ay di-magkakapareho sa mga paaralan.)

* Ang bilang ng oras sa aral at oras ng pag-uwi ay maiiba depende sa araw at grado. Halos pareho ang bilang ng aral sa [grade 1]sa araw-araw na 4 hanggang 5 aral.

Walang pasok ang Sabado at Linggo.

* Panuntunan po talaga na walang pasok ang Holiday, Sabado at linggo, ngunit may mga araw na ginagawa ang Sports fest, pagdalo ng magulang sa aral, at iba pang aktibidad sa eskwelahan. Sa ganitong pagkakataon, inililipat ang walang pasok sa ordinaryong araw.


Mga Pamamaraan sa pagpasok sa paaralan

1 Mga nararapat gawin sa pagrerehistro sa Elementary at Junior High School

(Pagta-transfer)

(1) Paraan ng pagpaparehistro sa City Office.

Kinakailangan munang gawin sa Departamento ng Edukasyon sa City Office o yakusho ang pagrerehistro ng bata na papasok sa pampublikong elementarya at sekondarya.



(2) Pamamaraan para sa pagpasok sa Elementarya at Junior High School

Upang mapabuti ang buhay paaralan, ang impormasyon na katulad ng mga sumusunod ay pag-uusapan.

① .	Pagkumpirma ng spelling at pagbigkas ng pangalan ng bata, petsa ng kapanganakan etc.
②	Pangalan ng mga miyembro ng pamilya
③	Tirahan sa kasalukuyan.(Address)
④	Paraan ng pag-kontak(Oras ng emergency , Pinagtatrabahuhang lugar, tagasaling wika (Interpreter))
⑤	Edukasyon na natanggap bago lumipat ng paaralan (kabilang ang bago at pagkatapos na dumating sa Japan) at mga kondisyon ng pag-aaral
⑥	Inilaang panahon ng paninirahan sa Japan ng tagapag-alaga (Guardians)
⑦	Kakayahan sa pagsasalita ng Hapon (anak at pamilya)
⑧	Personalidad ng bata at pangarap na kurso sa hinaharap.
⑨	Kalagayan ng Kalusugan(Matinding karamdaman, paningin, pandinig, alerdyi sa pagkain)
⑩	Sariling pang-unawa ng bata at guardians tungkol sa edukasyon
⑪	Mga kahilingan o konsiderasyong gustong hilingin sa paaralan.

Mga Asignatura

Ang mga pinag-aaralan sa paaralan ay ang mga sumusunod, Japanese, Araling panlipunan, Matematika, Agham, Pamumuhay, Musika, Pagguhit na trabaho, Araling pambahay, Aral sa pisikal, Moral(bawat asignatura), oras para sa espesyal na aktibidad o pagsasama-samang aral, Aktibidad sa English.

* Ang mga asignatura para sa unang baitang ay ang Japanese, Arithmetic, Living Science; Music, Drawing and Handicraft(kasanayan sa mga yari sa kamay), Physical Education, Moral Education, at aral na English .

Mga Aklat Aralin

Ang gagamiting libro sa aralin, para sa elementarya at junior high school ay, ipinamimigay ng libre sa bawat isang estudyante kada magpapalit ang taon.

Maliban sa mga nasabing aklat-aralin, ay may mga aklat din na gagamitin na tinatawag na reference book isang materyales sa pagtuturo na makakatulong sa pag-aaral(Auxiliary teaching material). Ang mga ganitong aklat ay binibili at kinakailangang bayaran.

Tungkol sa aralin

Sa elementarya ang bawat aralin ay inaabot ng apatnapu't-limang minuto.

Bago mag-umpisa ang susunod na aralin ay may pahingang 10 minuto.

Ang gurong tagapangasiwa ng klase ang sentro sa nagpoproseso ng aralin.

Itinuturo ang mga aralin batay sa itinalagang talaan ng oras sa pag-aaral.

Kapag oras na ng leksyon, umuupo na ang lahat at inuumpisahan na ang aralin.

Tungkol sa tulong pinansyal sa eskwelahan

Kapag tinanggap ng lupong edukasyon ang aplikasyon sa kadahilanang pinansyal, at mahirap na mapag-aral sa pampublikong elementarya, Junior high school, ang bata, makakatanggap ng suporta sa pambili ng kagamitan sa eskwela, bayad sa pagkain sa eskwela at ibapa.

Pagpunta ng Paaralan

Ang mga bata ay dadaan sa pinag-kasunduang kalsada at maglalakad papasok at pauwi. May paraan din na {grupong pag-pasok, pag-uwi} na isinasagawa depende sa distrito. Eto po ay para sa mga malalapit ang mga bahay na bata, araw-araw ay nag-iipon-ipon sila sa isang lugar at sabay-sabay na papasok sa eskwelahan.

Nakatala ang oras ng pag-alis, titipuning lugar at sasamang mga estudyante.

(Kapag Hindi Makapasok, Mahuhuli, at Maagang Pag-Alis) Pagliban at Pagkahuli sa Pagpasok

Sa kung anumang kadahilanan, kapag ang mag-aaral ay mahuhuli sa pagpasok, o hindi makapapasok, kinakailangan ipaalam ng tagapag-alaga ang nasabing sitwasyon sa paaralan, maaring sa pamamagitan ng telepono, o sa pagpapadala ng maikling sulat, o sa tulong ng kamag-aral o kaibigan.

Maaaring mag-alala ang guro at tawagan ang tagapag-alaga kung sakaling hindi mai-palam kaagad ang dahilan.

Maagang Pag-Alis ng Paaralan

Simula pagdating sa eskwelahan, hanggang dumating ang oras ng uwian, kakailanganing humingi ng pahintulot sa guro kapag nanaising lumabas ng eskwelahan.

Kapag masama ang pakiramdam, o may espesyal na dahilan na kailangang umuwi ng maaga, tatawag ang guro sa magulang o tagapag-alaga at ipasusundo ang bata.

Pagkain sa Paaralan

Mula Lunes hanggang Biernes ay may inihahandang pananghalian sa paaralang elementarya. Ang pananghalian sa loob ng eskwelahan ay mga estudyante ang nag-aasikaso sa pamimigay, at sila din ang nagliligpit ng kanilang pinagkainan. Kasama nila ang guro at mga kaklase sa pagkain. Araw-araw ay nagbabago ang menu. Pinag iisipan po ng espesyalista sa pagkain ang mga menung makabubuti sa kalusugan at paglaki ng mga bata.

Kung kinakailangang magbigay ng konsiderasyon ukol sa pagkain ng may

taglay na allergy, humingi ng payo sa paaralan.

Isa sa malaking halagang magagamit sa pagkain sa eskwelahan ay ang mga rekado. Tungkol sa bayad ng rekado, ang magulang o tagapag-alaga po ang sasagot sa gagastusin, na nagkakahalaga ng humigit kumulang ay 4000 Yen kada buwan.

Tungkol sa oras ng Paglilinis

Ang paaralan sa bansang Hapon, ay pinagtutulungang linisin ng mga estudyante.

Lalo na ang kanilang ginagamit na silid aralan, at kapalibutan, sila ay hinahati sa grupo at nag-tutulungang maglinis ng naayon sa kanilang tungkulin.

Bago matapos ang bawat semestro, may ginagawang paglilinis o (general cleaning), eto ay iba sa nakasanayang oras ng paglilinis dahil eto po ay may mahabang oras na ginugugol upang maglinis.

May eskwelahan ding nangongolekta ng pamunas sa bawat unang pagbubukas ng taon ng eskwelahan upang magamit sa paglilinis.

Panghapong Aralin

Ginagawa ang aral sa hapon ng naayon sa talaang aral (talaorasan), may mga araling isinasagawa sa hapon.

Pag-alis ng Paaralan

Ang mga estudyanteng magkaka-lapit-bahay ay sabay-sabay kung umuwi papunta sa kani-kanilang bahay.

Ang oras ng pag-alis ng paaralan ay magkakaiba-iba sa mga paaralan.

Tungkol sa kasunduan at panuntunan

Ang eskwelahan ay may iba-ibang kasunduan.

Halimbawa, ang elementarya ay malayang magsuot ng nais nilang kasuotan. Ngunit depende sa eskwelahan. May eskwelahan ding nangangailangan ng uniporme. Gayun din ang pagdadala ng mga bagay na hindi naman kailangan sa eskwelahan.

[Aktibidad na may importanteng kaugnayan sa Magulang o Tagapag-alaga]

Ang paaralan sa bansang Japan ay mayroon panahon para sa konsultasyon ukol sa pag-aaral ng kanilang anak, pinag-uusapan ng guro at magulang o tagapag-alaga ang kapakanan ng bata tungkol sa edukasyon.

Isinasangguni din ang kalagayan ng pag-aaral, problema sa pamumuhay sa eskwela, katulad ng (pananakot o pangungutya), (madalas na hindi pagpasok), (patnubay sa karerang tatahakin) at iba pa

Ang mga sumusunod ay pagkakataon na maaaring ikonsulta ukol sa pamumuhay sa eskwelahan.

1. Pagdalaw sa Bahay

Ang guro ay dumadalaw sa bahay ng estudyante upang pag-usapan ang buhay sa paaralan at bahay.

2. Pagtitipon ng mga Magulang o tagapag-alaga

Pumupunta sa eskwelahan at nakikinig sa pahayag ng punong-guro. Nakikipanayam din sa guro(adviser). Higit sa pansariling konsultasyon, mas binibigyan ng importasyon ang usapin tungkol sa problema na may kinalaman sa lahat ng mga bata.

3. Personal na Pakikipanayam

Kung saan magkakaroon ng pag-uusap tungkol sa konsultasyon sa pagitan ng estudyante, magulang o tagapag-alaga at guro. Eto ay mahalagang pagkakataon sa pag-sangguni ng personal na pag-aalala o problema at iba pang agam-agam.

Ang konsultasyon ay ginaganap sa nakatakdang araw at oras.

May ibang eskwelahan ding sinusunod kung may pakiusap ang magulang o hinahanapan ng araw na maaring libre ang panahon upang makapunta at makipag-usap. Nag lalaan din ng tagasaling wika

[Isang buong taon ng elementarya]

Unang semestro	Abril	Seremonyas sa pagpasok sa eskwela: Isang aktibidad na ipinagdiriwang para sa pagsalubong sa mga mag-aaral sa unang grado na papasok sa paaralan..
	Mayo	Seremonyas sa Pagsisimula ng Pasukan: Isang aktibidad na ipinagdiriwang upang pormal na ipahayag ang pagsisimula ng unang semestro ng eskwelahan.
	Hunyo	Pagsusukat ng katawan at Regular na medical na pagsusuri; Sinusuri ng doktor ang kalagayan ng kalusugan, paglaki ng bata o taas, at timbang o bigat.
	Hulyo	Field Trip: Mga aral na hindi pwedeng gawin sa loob ng silid aralan, lalabas ng paaralan upang maglakad o sumakay ng bus, pag-tuklas at pagiging malapit sa kalikasan, kultura, at kasaysayan.(kailangang magdala ng pananghalian) School Trip: Importanteng aktibidad para sa lahat ng Grade 6, 2 araw na paglalakbay(eskarsyon ng eskwela)
Bakasyon sa Tag-Araw	Agosto	Isang pagkakataon na magkaroon ng panahon makita o maobserbahan kung ano ang pamumuhay na ginagawa sa loob ng eskwelahan at kung nagagawa din ang gawaing natutunan sa loob ng pamamahay, pupunta ang mga magulang upang manood o mag-obserba sa pag-aaral na ginagawa sa loob ng silid aralan. May pagkakataon ding makipagpalitan ng impormasyon sa guro ang magulang tungkol sa inyong mga anak. Seremonyas sa pagtatapos ng semestro – Isang Programa upang maipahayag ang pagtatapos ng unang semestro..
		Mahabang bakasyon sa tag-araw na mayroong 30 araw hanggang 40 araw. Depende sa eskwelahan, mayroong ginagawang grupong pag-aaral at may araw ding pupunta sa eskwelahan upang mag-aral.
Pangalawang Semestro	Setyembre	Seremonyas para sa Pagbubukas ng bagong semestro: Isang aktibidad upang ipahayag ang pagsisimula ng Pangalawang semestro. pagsasanay sa paglikas, pagsasanay kapag nagkaroon ng sunog, pagsasanay sa preparasyon kapag nagkaroon ng lindol at sunog. Araw ng Isport: Aktibidad upang maging malapit sa isport. Pagtakbo(Sprint running), relay, sayaw, habang lubos ang



	Oktubre	suporta ng mga kaklase. Recital, (Paglalahad) Eto po ay aktibidad na pinapahalagahan ang mga Ipinapaskil na mga ginawang proyekto o report mula sa mga iginuhit, Produksyon sa proyekto ng araling panlipunan, Report ng inaral sa agham. Pagtugtog ng musika gamit ang instrumento at Choros, pagpapalabas ng mga Drama sa entablado,. (handicrafts). Seremonya sa pagtatapos: aktibidad na inilalathala ang pagtatapos ng pangalawang semestre.
	Nobyembre	
	Disyembre	
Bakasyon sa Taglamig	Disyembre	Dalawang linggong bakasyon
Pangatlong Termino	Enero	Pagbubukas ng Pangatlong semestre: Pagpapahayag sa simula ng pangatlong semestre. Araw ng Pagtatapos – isang aktibidad upang ipagdiwang ang pagtatapos ng nakatataas na baitang sa elementarya Seremonyas sa pagkumpleto, Katulad ng seremonyas sa pagsasara, eto ay aktibidad na inilalathala ang pagtatapos ng buong taon.
	Pebrero	
	Marso	
Bakasyon sa Tagsibol		Pagkatapos ng seremonyas sa pagkumpleto ng aral, Isusunod agad ang bakasyon. Pagkatapos ng bakasyon, Magbubukas ang bagong klase ng Abril at sisimulan ang bagong aral sa bagong baitang.

(Ang ibang paaralan ay sumusunod sa sistemang pangdalawahang semestral.)

(Kapag nais makipag-usap, o humingi ng payo • • •)

Tsu City Hall (8:30 – 17:15) Monday to Friday

Tsu Shi Nishi Marunouchi 23 – 1

- Shimin Koryu ka(Citizen Exchange Section) (3st floor Tel. 059- 229-3146)
 - 1.Portuguese 2. Spanish 3. English – Maaaring sumangguni..
 - 2.Tuturuan po kayo tungkol sa sistema o pamamaraan ng pag-ayos ng papeles.
- Kosodate suishin-ka – Child Promotion Division (3st Floor Tel. 059-229-3167)
 1. Ituturo ang paraan ng pag-aayos upang makapasok sa Nursery
 2. Maaaring sumangguni tungkol sa Nursery
- Chuo Hoken Center (Rijyon Plaza 1st Floor Tel. 059-229-3164)
 1. Ituturo ang tungkol sa cheack-up at bakuna ng mga batang sanggol.

Tsu Shi Kyouiku Iin Kai Government office Building (Day time 8;30 – 17;15)

Tsu Shi Nishi Marunouchi 37 ban 8 Go

- Gakko Kyouiku ka (2nd floor : Tel 059-229-3245)
- Jinken Kyouiku ka(Human rights education department) 3rd floor : Tel 059-229-3249
 - Ituturo kung saang eskwelahang makakapasok.
 - Maaari ring isangguni kung paano ang pag-aayos ng papeles sa pag-pasok sa Kindergarten o eskwelahan, gayun din ang paraan ng pagkuha ng tulong pinansyal sa pag-aaral ng anak.
 - Maaari ring makahingi ng payo tungkol sa edukasyon ng anak, impormasyon sa Kindergarten, at Elementarya.

Mie International Exchange Foundation : (Day time, 9:00~17:00)

Tsu Shi Hadokoro Cho 700 Asuto Tsu 3rd floor Tel. 059- 223-5006

- Mula (Lunes- Biernes) Pwedeng sumangguni ng naaayon sa inyong wika
English • Portuguese • Tagalog • Spain

Paalala: Sa mga may problema sa pamumuhay o may tanong maaaring tumawag sa
Numerong nasa itaas..



Para sa mga karagdagang impormasyon, makipag-alam sa :

〒 514-0035

Mie Ken Tsu Shi Nishi Marunouchi 37 Ban 8 Go

TSU SHI KYOU IKU IIN KAI JIMU KYOKU JINKEN KYOUIKU KA

Tel. No. 059-229-3253

Fax No. 059-229-3017